



aking **pagdarasal**

Pagkadalisay at Pagdarasal, Isang
Sunod-Sunod na Gabay

teníold

a guaranteed promise

www.tenfold.ngo

Paunang salita

Karangalan at pagpapala para sa amin na maging tagapaglathala ng 'Gabay para Matutong Magdasal' upang matulungan at gawing madali ang pamamaraan sa pag-aaral ng kung paano magdasal. Hinihiling namin kay Allah ﷻ na patuloy na ibuhos ang Kanyang mga pagpapala sa proyektong ito at gawin ang landas mo ng pag-aaral ng kung paano magsagawa ng pagdarasal, na puno ng liwanag at kagaangan. Ameen.

Ang mga tagubilin at hakbang sa aklat na ito ay idinisenyo para sa kapwa lalaki at babae na nais malaman kung paano magdasal.

Naiiintindihan namin at iginagalang namin na may mga pagkakaiba-iba sa mga opinyon na may kaugnayan sa ilang mga aksyon sa pagdarasal, subalit pinili namin na huwag isama ang mga ito sa aklat upang gawing madali ang proseso ng pag-aaral.

Ang nag-iisang layunin ng aklat na ito ay upang ituro ang mga pangunahing kaalaman ng pagdarasal, sa sandaling nalaman na ang mga pundasyon ng pagdarasal at nais na maghanap ng karagdagang kaalaman, hinihikayat ka naming lumapit sa iyong lokal na Moske o Tanggapang Pang Islamiko na maaaring makatulong sa iyo sa gabay ng Qur'an at Sunnah ng ating mahal na Propeta ﷺ.

Ang Salah (Pagdarasal)

ANG KAHALAGAHAN NG PAGDARASAL.

Ang Salah (Pagdarasal) ay isa sa mga pangunahing mga haligi ng Islam. Ito ang unang gawang pagsamba na ipinag-uutos ni Allah ﷻ at ito rin ang huling bagay na mag-aalis sa relihiyon. Kapag nawala ito, ang Islam ay maglalaho na. Ang obligasyon nito ay ipinahayag nang direkta sa Propeta ﷺ (sumakanya nawa ang pagpapalala at kapayapaan), sa panahon ng kanyang pag-akyat sa kalangitan at ito ay ipinag-uutos sa bawat matino, may sapat na edad na* Muslim.

Ang Salah ay ang unang gawang itatanong sa isang mananampalataya, sapagkat sinabi ng Sugo ni Allah ﷻ,

"Ang unang gawang pananagutanng alipin sa Araw ng Paghuhukom ay ang Pagdarasal. Kung ito ay mabuti, ang natitira sa kanyang mga gawa ay magiging mabuti. At kung ito ay kulang, ang natitira sa kanyang mga gawa ay kulang"

Ang kahalagahan ng Salah ay napakalaki na siya ay inuutusan na gawin ito sa lahat ng pagkakataon, kahit na siya ay malusog o may sakit, kahit na siya ay nananalangin nang nakatayo, nakaupo o nakahiga, kahit na siya ay naglalakbay o naninirahan at kung siya ay ligtas o nasa pagkatakot. Ang Salah ay ang ating susi sa tagumpay sa mundong ito at sa susunod. Sinabi ni Allah ﷻ sa Kanyang Maluwalathing Aklat;

"Tunay na matagumpay ang mga naniniwala na mapagpakumbaba sa kanilang mga pagdarasal" at sa isa pang taludtod "At nagpapanatili sa kanilang pagdarasal. Ito ang mga tagapagmana ng Paraiso. At doon sila maninirahan." (al-Mu'minin: 1-2, 9-11)

Ang pangunahing layunin ng babasahing ito ay upang matulungan kang malaman kung paano magdasal nang wasto tulad ng itinuro sa atin ng Propeta Muhammad ﷺ. Nagbibigay ito ng isang pinadali, isinalarawan na baitang-baitang na gabay sa 'Pagdadalisay at Pagdarasal' na inaasahan naming magtataguyod sa iyo nang mabilisan.

Mangyaring sumangguni sa pahina 5 para sa kung sino ang itinuturing na may sapat na gulang

ANG KAHULUGAN NG SALAH (PAGDARASAL)

Ang salitang Arabeng Salah ay nagmula sa salitang salah na nangangahulugang kaugnayan. Ang kahulugan pang Islam ng Salah ay ang pangalang ibinigay sa pormal na pagdarasal sa Islam. Ang pagdarasal ay isa sa mga kinakailangang ritwal ng relihiyon, na isinasagawa nang limang beses sa isang araw ng bawat masunuring may gulang na *Muslim. Ito ay isang kaugnayan sa pagitan ng tao at kanilang Tagapaglikhang si Allah ﷻ. Ang mga pagdarasal ay isang uri ng pagdadalisay para sa isang tao. Bumabaling at nakikipagtagpo siya sa kanilang Panginoon nang limang beses sa isang araw.


Ang paulit-ulit na pagtayo sa harap ni Allah ﷻ ay dapat magpigil sa isang tao mula sa pagsasagawa ng mga kasalanan sa buong araw. Bukod dito, dapat din itong panahon ng pagsisisi at paghingi ng kapatawaran, na siya ay taimtim na humihiling kay Allah ng kapatawaran sa mga kasalananang kanilang nagawa. Bilang karagdagan, ang pagdarasal mismo ay isang mabuting gawa na nagtatanggal sa ilang mga masasamang gawain na kanyang nagawa.

Ang mga puntong ito ay maaring mapansin sa mga sumusunod na hadith ng Propeta

ﷺ:

"Kung ang isang tao ay mayroong isang batis sa labas ng kanyang pintuan at naliligo sila rito nang limang beses sa isang araw, sa palagay mo ba ay magkakaroon sila ng anumang dumi sa kanila?" Sinabi ng mga tao, "Walang dumi ang mananatili sa kanila." Ang Propeta ﷺ pagkatapos ay sinabi, "Iyon ay tulad ng limang pang-araw-araw na pagdarasal: pinapawi ni Allah ang mga kasalanan sa kanila."

(Naitala ni al-Bukhari at Muslim.)



* Mangyaring sumangguni sa pahina 5 para sa kung sino ang itinuturing na may sapat na gulang

ANG IKALAWANG HALIGI NG ISLAM

Ang Salah ay ang pangalawang haligi ng Islam. Ang pagsasagawa ng Salah ay ang unang priyoridad pagkatapos ng paniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa pagka-propeta ni Muhammad ﷺ. Ito ay isang mahalagang haligi, na ang mga Muslim ay tinawag na gawin ang gawaing ito ng pagsamba sa lahat ng mga kalagayan nang walang minstis.

Payo sa Pagdarasal - Ang pagdarasal ay proteksyon para sa iyo

"Katotohanan, ang pagdarasal ay pinipigilan ang isa mula sa mga malaking kasalanan at masasamang gawa" (Surah al-Ankaboot 45).

Ang epekto nito ay inilarawan sa sumusunod na magandang pahayag - "Ang pakay nito ay upang makabuo sa loob ng sariling kalooban ng tao tulad ng kapangyarihang espiritwal, liwanag ng pananampalataya at kamalayan sa Diyos na makapagpapagana sa kanya na matagumpay na magsumikap laban sa lahat ng uri ng kasamaan at tukso at manatiling matatag sa mga oras ng pagsubok at paghihirap at rotektahan ang kanyang sarili laban sa kahinaan ng laman at sa pagkakamali ng mga hindi kanais-nais na gawa." [Nadwi]

Payo sa Pagdarasal - Ang panalangin ay paglilinis

Sa isa pang hadith, sinabi ng Propeta ﷺ, "Ang limang pang-araw-araw na pagdarasal at ang Pagdarasal sa Biyernes hanggang sa susunod na Pagdarasal ng Biyernes ay pagpapatawad sa kung ano ang nasa pagitan nito." (Naitala ng Muslim.)

SINO ANG DAPAT MAGDASAL?

Ang pagdarasal ay obligado sa bawat may-edad na Muslim na may sapat na gulang. Ang isang tao ay itinuturing na may sapat na gulang sa pag-abot sa pagbibinata/pagdadalaga. Mayroong apat na mga palatandaan ng pagbibinata/ pagdadalaga (ang alinman sa mga palatandaang ito ay nangangahulugang ang tao ay nakarating sa pagbibinata)

1. *Pamamasa habang natutulog*
2. *Pagtubo ng buhok sa maselang parte ng katawan*
3. *Pagreregla (para sa mga batang babae)*
4. *Pag-abot sa edad na 15*

Payo sa Pagdarasal - Mga Nakaligtaang Pagdarasal

Isang malaking kasalanan kapag nakaligtaan ang pagdarasal ng sinasadya; ang nakaligtaang pagdarasal ay dapat na punuan kaagad-agad kapag naalala. Ang pamunong pagdarasal ay dapat gawin sa eksaktong pamamaraan nang katulad ng pagdarasal sa takdang oras nito.

Ang Mga Pangalan at Oras ng 5 Pang araw-araw na Pagdarasal



FAJR

Pagdarasal sa Madaling Araw


Ginagawa ang Fajr pagkatapos ng buking liwayway at bago ang pagsikat ng araw. Ang Fajr ay binubuo ng 2 Yunit (raka'ah).



DHUHR

Pagdarasal sa Tanghali

Ginagawa ang Dhuhr kapag ang araw ay dumating sa kalagitnaan. Ang Dhuhr ay binubuo ng 4 Yunit (raka'ah).



ASR

Pagdarasal sa Hapon


Ang Asr ay ginaganap sa pagitan ng tanghali at paglubog ng araw. Ang Asr ay binubuo ng 4 Yunit (raka'ah).



MAGHREB

Pagdarasal sa Paglubog ng Araw

Ang Maghreb ay isinasagawa kaagad pagkatapos ng paglubog ng araw. Ang Maghreb ay binubuo ng 3 Yunit (raka'ah).



ISHA

Pagdarasal sa Gabi

Ang Isha ay isinasagawa kapag ganap ng madilim hanggang sa hatinggabi*. Ang Isha ay binubuo ng 4 na yunit (raka'ah).

Payo sa Pagdarasal - Magdasal sa Oras

Alalahanin, pinakamainam na gawin ang bawat isa sa limang obligadong mga pagdarasal sa sandaling magsimula na ang oras, dahil hindi pinahihintulutan na maantala ang mga ito nang walang wastong kadahilanan, at hindi ito dapat maantala na labas ng pinayagang oras nito.

* Ang hatinggabi batay sa Islamikong kalendaryo ay ang kalagitnaan sa pagitan ng takipsilim at buking-liwayliway ng susunod na araw.

Ang Sapilitan (Fard) at Hindi Sapilitan na Pagdarasal (Sunnah)

Ang mga sumusunod ay ang bilang ng mga sapilitan at hindi sapilitan na nauugnay sa bawat pagdarasal. Ang mga nakabigay-diin na kahon ay sapilitan.

Ang mga pagdarasal na sunnah ay lubos na inirekomenda, at ang tao ay makakatanggap ng malaking gantimpala para sa pagsasagawa ng mga ito - gayunpaman walang kasalanan kung mangyayaring laktawan ang mga ito.

Pagdarasal	Bago (Sunnah)	Sapilitan	Pagkatapos (Sunnah)
Fajr	2	2*	————
Dhuhr	2 + 2	4	2 or (2 + 2)
Asr	2 + 2	4	————
Maghrib	2	3*	2
Isha'	2	4*	2

* Ang pagbabasa ng Qur'an sa unang dalawang yunit ng bawat isa sa mga pagdarasal na ito na mayroong asterisk maliban dito ay dapat basahin nang malakas. Ang lahat ng iba pang mga yunit ng mga pagdarasal na ito at iba pang mga pagdarasal ay dapat na basahin nang tahimik.

* Para sa mga kababaihan, ang unang 2 yunit ay dapat basahin lamang nang malakas kung sila ay:
1. nangunguna sa iba pang mga kababaihan (lamang) sa pagdarasal
2. nagdarasal ng mag-isa sa bahay / sa isang pribadong lugar

Si Umm Habeeba ؓ,
ang asawa ng Propeta
ﷺ ay nagsabi:

"Narinig ko ang sinabi
ng Sugo ni Allah ﷻ:
'Walang alipin na
Muslim na
nagdarasal ng labing
dalawang rak'ahs kay
Allah bawat araw,
kusang-loob, bukod sa
mga sapilitang
pagdarasal, ngunit si
Allah ay
magtatayo para sa kanya
ng isang bahay sa
Paraiso. '"

TIRMIDHI

Payo sa Pagdarasal - Paggamit ng Mga Kalendaryo sa Pagdarasa

Pinapayuhan na sumangguni ka sa isang talaan ng pagdarasal sa Islam na inilalathala ng isa sa mga lokal na Tanggapan ng Islam sa iyong lungsod para sa eksaktong mga oras ng pagdarasal sa buong taon. O mag-download ng katiwa-tiwalang mga Aplikasyon ng Pagdarasal upang mabigyan ka ng tamang oras sa pagdarasal para sa iyong lokasyon.

Kadalisayan at Kalinisan (Tahaarah)

Matapos matagumpay na mabuo ang modulang ito ay magagawa mo nang:

- 1. Malaman ang kahalagahan ng kadalisayan sa Islam.*
- 2. Maunawaan kung papaano isagawa ang ritwal na mga gawain ng wudu.*
- 3. Makilala ang alinmang kaganapang nakasisira o nakakawalang bisa ng wudu.*

Ang kadalisayan ay isang napakahalagang bagay sa Islam. Dapat niyang dalisayin ang kanilang layunin para kay Allah lamang at dalisayin ang kanilang mga katawan at kasuotan bago simulan ang Pagdarasal.

Ang palalusugan at kalinisan ay napakahalagang mga aspeto sa buhay ng isang Muslim. Dapat niyang tiyakin na ang kanilang mga katawan, kasuotan at lugar ng pagdarasalan ay malaya mula sa mga karumihan tulad ng ihi, dumi at anumang iba pang mga maruruming sangkap.

Matapos gumamit ng palikuran, dapat hugasan ang maselang mga bahagi ng tubig kung mayroon at hindi ito pagmumulan ng pinsala (dahil sa sugat halimbawa).

Dapat na magkaroon ng buong paligo na tinatawag na Ghusl matapos ang pagtatalik sa pagitan ng mag-asawa, matapos ang ehakulasyon ng lalaki (dahil sa basang panaginip, halimbawa), at sa pagtatapos ng buwanang dalaw ng babae o pagdurugo bunga ng panganganak.

Sa Maluwalhating Quran, si Allah ﷻ ay nagsabi:

“Tunay, na si Allah ay minamahal yaong mga nagbabalik loob sa Kanya sa pagsisisi at Kanyang minamahal yaong nagpapadalisay sa kanilang mga sarili”

AL- BAQARAH: 222

Ang mga Pundasyon ng Wudu'

ANG KAHALAGAHAN NG WUDU'

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ang Salah (pagdarasal) ng sinuman sa inyo na nawalang-bisa ang kanyang kadalisan ay hindi tinatanggap maliban kung siya ay magsagawa ng wudu". (Bukhari)

ANG MGA KAINAMAN NG WUDU'

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Kapag ang Muslim o mananampalatayang alipin ay gumagawa ng ablusyon at naghugas ng kanyang mukha, ang bawat kasalanan na kanyang ginawa sa pamamagitan ng kanyang mga mata ay mahuhugasan ng tubig. Kapag siya ay naghugas ng kanyang mga kamay, bawat pagkakasala na ginawa ng kanyang mga kamay ay nahuhugasan ng tubig - o sa pamamagitan huling tulo ng tubig hanggang sa siya ay maging malaya sa kasalanan." (Malik at iba pa).

BAGO MAGSAGAWA NG ABLUSYON

1. *Pumunta muna sa palikuran (kung kinakailangan). Dapat mong gamitin ang palikuran at pagkatapos hugasan ang mga pribadong bahagi bago magsagawa ng ablusyon.*
2. *Mahusay na kasanayan na linisin ang mga ngipin gamit ang siwak (toothstick) o isang sipilyo bago gawin ang wudu' tulad ng itinuro ng Propeta Muhammad*
3. *Bago simulan ang mga aksyon ng wudu', kinakailangan na gawin ang iyong hangarin na maghugas para sa layunin ng wudu' lamang.*



Paano Magsagawa ng Wudu' (Sunod-sunod)

ANG SUMUSUNOD NA MGA HAKBANG AY DAPAT GAWIN NG MAGKAKASUNOD (TARTEEB).

Ika-1 Hakbang - Bismillah




BAGO ANG WUDU': Ang intensyon na gumawa ng wudu' ay dapat gawin sa puso, pagkatapos ay sabihin:

Bismillah
(Sa ngalan ni Allah)

بِسْمِ اللّٰهِ

Ika-2 Hakbang - Mga Kamay

Ulitin ng 3 Beses



Ganap na hugasan ang mga kamay, kabilang ang mga pulsuhan at sa pagitan ng mga daliri

Ika-3 Hakbang - Bibig

Ulitin ang 3 Beses



Magmumog ng bibig. Gamitin ang kanang kamay para maglagay ng kaunting tubig sa bibig, imumog ito, tapos ay iluwa.

Ika-4 na Hakbang - Ilong

Ulitin ng 3 Beses



Mag-singhot ng tubig sa mga butas ng ilong nang malalim hangga't maaari gamit ang kanang kamay, at pagkatapos ay isinga ito ng kaliwang kamay.

Ika-5 Hakbang - Mukha

Ulitin ng 3 Beses



Hugasan ang mukha mula sa noo hanggang baba, kaliwang tainga hanggang sa kanang tainga na siguruhing hugasan ang buong mukha.

Ika-6 na Hakbang - Mga bisig


Ulitin ng 3 Beses



Hugasan ang dalawang bisig hanggang sa at kasama ang mga siko, kamay at sa pagitan ng mga daliri.

Magsimula sa kanang bisig.

Ika-7 Hakbang - Ulo



Haplusin ang ulo gamit ang basang mga daliri na magsisimula sa itaas ng noo hanggang sa likod na linya ng buhok at pabalik sa isang galawan.

Ika-8 Hakbang - Mga Tainga



Sabay na punasan ang loob ng parehong mga tainga gamit ang hintuturo, at ang likod ng mga tainga gamit ang mga hinlalaki 12 Paano Magsagawa ng Wudu ' (Sunod-Sunod)

Ika-9 na Hakbang - Mga Paa

Ulitin ng 3 Beses



Hugasan ang mga paa kabilang ang mga bukung-bukong at ang pagitan ng mga daliri ng paa.

Magsimula sa kanang paa.

Ika-10 Hakbang - Panalangin ng Pagtatapos/Pagsusumamo

PAGKATAPOS NG WUDU': Sabihin:



**Ash-hadu anllaa ilaaha illallaah wa ash-hadu
anna Muhammadan 'abduhu wa rasooluh**

(Ako'y sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat
sambahin maliban kay Allah. At ako'y sumasaksi na si
Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo.)

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ

At

**Allahuma ij-'alnee minat-tawabeen waj-'alnee
minalmutatahireen**

O Allah, gawin akong kabilang sa mga nagsisisi sa Iyo at
gawin akong kabilang sa mga nagdadalisay ng
kanilang sarili.

اللَّهُمَّ اجْعَلْنِي مِنَ التَّوَّابِينَ وَاجْعَلْنِي مِنَ الْمُتَطَهِّرِينَ

Ang mga aksyon na nakapag-pawalang bisa ng Wudu

Ang mga sumusunod na mga gawa ay nagpapawalang-bisa sa Wudu - ibig sabihin ito ay dapat na gawin muli para magdasal. Kaugnay dito ang sa kapwa lalaki at babae:

1. *Pag-utot.*
2. *Pag-ihing pagdumi*
3. *Malakas na pagsusuka*
4. *Pag-agas ng dugo o nana mula sa anumang bahagi ng katawan.*
5. *Malalim na pagkatulog, kung saan nawawala ang kamalayan.*
6. *Pagkahimatay o pagkalasing*
7. *Ang paghaplos sa mga pribadong bahagi ng katawan gamit ang mga kamay at daliri nang walang nakapamagitan.*
8. *Pakikipagtalik**

Sinabi ng Propeta
Muhammad ﷺ

"Ang sinumang nagsagawa ng Wudu nang mabuti pagkatapos ay nagsabi, (nabanggit na pagsusumamo); ang walong pintuan ng Paraiso ay magbubukas para sa kanya para makapasok siya saan man niya naisin."

MUSLIM

Payong Wudu - Pagkalimot

Kung ang isa ay nakalimutan kung nasira ang kanilang wudu' o hindi, ito ay HINDI nakapag-pawalang bisa ng kanilang ablusyon, hindi alintana kung siya ay nagdarasal o hindi, hanggang sa matiyak nila na napawalang-bisa nila ang kanilang ablusyon.

Payong Wudu - Regla

Ang isang nagreregla o kakapanganak na babae ay hindi dapat magdasal hangga't may nakikita pang dugo at ang kanyang nakaligtaang pagdarasal ay hindi na pupunuan.



* Kinakailangan para sa isang tao na magsagawa ng kumpletong pagligo/ o mag himasa pagkatapos ang pakikipagtalik sa kanilang asawa upang maging nasa kalagayan ng ang kadalisan para sa pagdarasal.

Mga Kinakailangan sa Pagdarasal

1. PAGSUSUOT NG TAMANG PANANAMIT



Ang isang lalaki ay dapat na takpan ang harap at likod na bahagi ng kanyang katawan sa pagitan ng kanyang pusod at tuhod, ganoon din ang dalawang mga balikat kapag nagdarasal. Ang mga kasuotan ay dapat maluweg at hindi tagos.



Ang isang babae ay dapat magtakip ng buong katawan, maliban sa kanyang mga kamay at mukha. Ang mga kasuotan ay dapat maluweg at tagos.

2. SINISIGURO NA ANG KATAWAN, PANANAMIT AT LUGAR NG PAGDARASALAN AY WALANG BAHID NG KARUMIHAN.

3. PAGIGING NASA KALAGAYAN NG KADALISAYAN

Ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng Wudu' (Ablusyon). Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Si Allah ay hindi tinatanggap ang pagdarasal ng siyang walang kadalisayan." (Muslim)

4. ORAS NG PAGSISIMULA NG PAGDARASAL

Sinabi ni Allah ﷻ: "Katotohanan, ang Pagdarasal ay itinakda para sa mga mananampalataya sa takdang oras."

5. PAGHARAP SA QIBLAH (DIREKSYON NG KA'BAH)

Kahit nasaan ang isang Muslim sa mundo, sila ay kailangang humarap sa Makkah para magdasal. May mga espesyal na mga kompas para tulungan kayong hanapin ang direksyon ng Qiblah.

6. MAGDASAL PATUNGO SA ISANG HARANG (SUTRAH) KAPAG NAG-IISA AT NASA BUKAS NA LUGAR.

Paano Magsagawa ng Salah (Sunod-sunod)

PAGSASAGAWA NG UNANG RAK'AH (YUNIT) NG PAGDARASAL.

Pagkatapos makaharap sa Qiblah ang tao ay kailangan magsagawa ng layunin sa pamamagitan ng pag-iisip ng partukular na obligado o pinipiling pagdarasal na nais nilang gawin.

Ika-1 Hakbang



Sa nakatayong posisyon, itaas ang parehong mga kamay upang ang dulo ng iyong mga daliri ay kasing taas ng mga balikat o tainga. Ang iyong mga palad ay dapat na nakaharap pabukas. Pagkatapos ay sabihin:

Allahu Akbar
(si Allah ay Pinakadakila)

الله أكبر

Ika-2 Hakbang



Ilagay ang iyong mga kamay sa iyong dibdib, na ang kanan sa taas ng kaliwa. Pagkatapos ay sabihin:

A'oothu billaahi minash-shaytanir-rajeem
(Ako ay nagpapakupkop kay Allah laban kay Satanas na isinumpa.)

أعوذُ باللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ



1

Bismillaahir-rahmaanir-raheem

(Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

2

Al-hamdu lillaahi rabbil 'aalameen

(Ang lahat ng Pagpupuri ay para kay Allah ang Panginoon ng lahat ng mga mundo.)

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ

3

Ar-rahmaanir-raheem

(Ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain)

الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ



4

Maaliki yawmiddeen

(Ang Nagmamay-ari ng Araw ng Paghuhukom)

مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ

5

Iyyaaka na'budu wa iyyaaka nasta'een

(Ikaw lamang ang aming sinasamba at Ikaw lamang ang aming hinihingan ng tulong)

إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ



6

Ihdinassiraatal mustaqeem

(Gabayan mo kami sa matuwid na landas)

أَهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ

7

Siratallatheena an'amtal 'alayhim

(Ang landas ng mga pinagpala Mo)favorecido)

صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ

Ghayril maghdoobi 'alayhim

(Hindi ang landas ng umani ng poot Mo)

غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ

Waladdaalleen

(At ng mga nangaligaw)

وَالضَّالِّينَ

Aameen

(O Allah, sagutin mo nawa ang aming analangin!)

آمِينَ

Ika-4 na Hakbang

KUNG NASA IKA-1 O IKA-2 NA RAK'AH (YUNIT):

Magbasa ng ilang kabanata sa Qur'an. Sumagguni sa dulo ng aklat na ito para sa ilang mga kabanat ng Qur'an.

KUNG NASA IKA-3 O IKA-4 NA RAK'AH (YUNIT):

Magpatuloy sa iKA-5 Hakbang (Tanging ang pagbigkas ng Surat Al-Fatiha ang kinakailangan)

Ika-5 Hakbang




Sa nakatayong posisyon, sabihin:
*(Ang pagtaas ng mga kamay hanggangopsional)
balikat ay opsyonal)*

Allahu Akbar
(si Allah ay Pinakadakila)

اللَّهُ أَكْبَرُ



Ika-6 na Hakbang



Sa nakatayong posisyon, sabihin mo: (Ang pag-angat ng mga kamay hangang sa balikat ay opsyonal) Dapat ay nasa posisyon ka na ng pagyukod (rukoo') ngayon . Sabihin (3 beses):

Subhaana rabbiyal 'atheem
(Luwalhati sa aking Panginoong ang
Kataas-taasan)

سُبْحَانَ رَبِّيَ الْعَظِيمِ

Ika-7 Hakbang



Basahin ito mula sa pagyukod.

(Ang pagtaas ng mga kamay hanggang balikat ay opsyonal)

**Sami'-Allaahu liman
hamidah**

(Si Allah ay nakikinig sa
ipumupuri sa Kanya)

سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ



Ika-8 Hakbang



Sa puntong ito dapat ay nakatayo ka na na nasa tagiliran
ang mga kamay.

Rabbanaa wa lakal hamd

(Aming Panginoon, ukol sa Iyo ang Pagpupuri)

رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ

Ika-9 na Hakbang - Pagpapatirapa

Gawin ang pagpapatirapa (sujood) na posisyon na makikita sa ibaba. Habang ginagawa ang posisyong ito ay bigkasin ang:



Allahu Akbar
(si Allah ay Pinakadakila)

اللَّهُ أَكْبَرُ

Pagkatapos ay bigkasin (ng 3 beses)

Subhaana rabbiyal 'alaa
(Kaluwalhatian sa aking
Panginoon ang Kataas-taasan)

سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى

MAHALAGA!

Sa patirapang posisyon (sujood), siguraduhing:

1. Ang ilong at noo ay nakasayad sa lapag.
2. Ang dalawang palad ay nasa sahig na ang mga daliri ay magkakadikit.
3. Ang dalawang tuhod ay nasa sahig.
4. Ang mga daliri ng magkabilang paa ay nakatungkod at hindi nakalapat sa sahig

Ika-10 na Hakbang



Habang patungo sa paupong posisyon ay bigkasin ang:

Allahu Akbar

(si Allah ay Pinakadakila)

اللَّهُ أَكْبَرُ

Umupo sa kaliwang hita, na ang kaliwang paa ay lapat sa sahig at ang kanang paa ay nakatungkod. Ang mga daliri ng kanang paa ay dapat nakaharap sa Qiblah at ang mga kamay ay dapat nakapatong sa mga tuhod.

Pagkatapos ay bigkasin (ng 3 beses)

Rabbighfirlee

(O Allah, patawarin Mo ako)

رَبِّ اغْفِرْ لِي

Ika-11 na Hakbang



Allahu Akbar

(si Allah ay Pinakadakila)

اللَّهُ أَكْبَرُ

Pagkatapos ay bigkasin (ng 3 beses)

Subhaana rabbiyal 'alaa

(Kaluwalhatian sa aking Panginoon ang Kataas-taasan)

سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى

*La primera unidad ahora está completa.
Ahora deberías completar el segundo/último rak'ah (unidad).*

Paano Isagawa ang Salah (Hakbang-hakbang) - Unang Rak'ah

PAGSASAGAWA NG PANGALAWA O PANGWAKAS NA RAK'AH (YUNIT) NG PAGDARASAL.

Ika-1 Hakbang



Tumayo at bigkasin ang:

Allahu Akbar
(si Allah ay Pinakadakila)

الله أكبر

Ika-2 Hakbang

Ulitin ang ika-3 hanggang ika-11 Hakbang mula sa unang Rak'ah (yunit) ng pagdarasal.



Ika-3 Hakbang

Matapos mabuo ang ika-11 Hakbang mula sa unang Rak'ah (yunit) ng pagdarasal, ay bigkasin ang:



Allahu Akbar

(si Allah ay Pinakadakila)

اللَّهُ أَكْبَرُ

Pagkatapos ay tunguin ang paupong posisyon. Sa puntong ito ay itaas ang iyong hintuturo ng iyong kanang kamay.

Ngayon ay bigkasin ang sumusunod:

1

Attahiyyaatu lilaahi wassalawaatu wattayyibaatu

(Ang pagbati ay ukol kay Allah at ang mga dasal at mga mabubuting salita)

التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ

2

assalaamu 'alayka ay-yuhan-nabiyyu
(ang kapayapaan ay sumaiyo o propeta)

لَسَّلَامٌ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ

3

wa rahmatullaahi wabarakaatuh
(at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya)

وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ



4

**assalaamu 'alaynaa wa 'alaa
'ibaadillaahissaliheen**

(Ang kapayapaan ay sumaamin at sa mga matutuwid na lingkod ni Allah)

لَسَّلَامٌ عَلَيْنَا وَ عَلَىٰ عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ

5

Ash-hadu allaa ilaaha illallaah

(Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban kay Allah)

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ

6

**Wa ash-hadu anna Muhammadan
'abduhu wa rasooluh**

(At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo)


وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ

Ano ang susunod na gagawin?


Iyo nang nabuo ang una at pangalawang rak'ah (mga yunit). Ang anumang susunod na gagawin ay babatay sa kung anong dasal ang iyong isinasagawa o ilang rak'ah (mga yunit) ang iyong isinasagawa.

Gamitin ang talangguhit sa ibaba upang malaman ang iyong susunod na hakbang.


Fajr (2 Rak'ah)



Dhuhr, Asr & Isha' (4 na Rak'ah bawat isa)



Maghrib (3 Rak'ah)



Pagbuo ng Pagdarasal

Ika-1 Hakbang



1 **Allahumma salli 'ala Muhammad**
(O Allah, basbasan mo si Muhammad).

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ

2 **wa 'ala aali Muhammad**
(at ang mag-anak ni Muhammad).

وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ

3 **kamaa salyta 'ala Ibraheem**
(katulad ng pagbasbas mo kay Abraham).

كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ

4 **wa 'ala aali Ibraheem**
(at ang mag-anak ni Abraham).

وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ

5 **innaka hameedun Majeed**
(tunay na Ikaw ay kapuri-puri, Pinaka maluwalhati).

إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ



6

wa baarik 'alaa Muhammad
(at pagpalain mo si Muhammad).

وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ

7

wa 'alaa aali Muhammad
(at ang mag-anak ni Muhammad).

وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ

8

kamaa baarakta 'alaa Ibraheem
(katulad ng pagpapala Mo kay Abraham).

كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ

9

wa 'ala aali Ibraheem
(tunay na Ikaw ay kapuri-puri, Pinaka maluwalhati).

وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ

10

innaka hameedun Majeed
(Ikaw ay kapuru-puri, Pinaka maluwalhati).

إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ

Ika-2 Hakbang - Kanang Panig



Assalaamu 'alaykum wa rahmatullah
(Ang kapayapaan at awa ni Allah ay sumainyo)

السَّلَامُ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَةُ

Ika-3 Hakbang - Kaliwang Panig



Assalaamu 'alaykum wa rahmatullah
(Ang kapayapaan at awa ni Allah ay sumainyo)

السَّلَامُ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَةُ

Pagkatapos ang Dasal - Pagsusumamo



1

Subhaan Allah

(Kaluwalhatian kay Allah).

سُبْحَانَ اللَّهِ

Ulitin
33 beses

2

Al-hamdu lillah

(Papuri kay Allah).

الْحَمْدُ لِلَّهِ

Ulitin
33 beses

3

Allahu Akbar

(si Allah ay pinakadakila)

اللَّهُ أَكْبَرُ

Ulitin
33 beses

Maiikling Kabanata sa Qur'an (Soorah)

Alinman sa mga sumusunod na kabanata ay maaaring basahin pagkatapos ng Surat alFatiha sa unang dalawang Rak'ah (mga yunit) ng pagdarasal.

Kabanata Al-Kawthar (108)

Bismillaahir-rohmaanir-raheem

(Sa ngalan ni Allah ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

1 Innaa a'ataynaakal kawthar

(Tunay na, Aming ipinagkaloob sa iyo, [O Muhammad],
ang Kawthar)

إِنَّا أَعْطَيْنَاكَ الْكَوْثَرَ

2 Fasalli lirabika wanhar

(Kaya magdasal sa iyong Panginoon at mag-alay [para
sa Kanya lamang])

فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَانْحَرْ

3 Inna shaani'aka huwal abtar

(Tunay na ang iyong kaaway ay siyang mapuputulan.)

إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ

Kabanata Al-Ikhaas (112)

Bismillaahir-rohmaanir-raheem

(Sa ngalan ni Allah ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

1

Qul huwallaahu ahad

(Sabihin: Siya si Allah, (Ang) Nag-iisa)

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ

2

Allaahussamad

(Allah, ang ganap na Sandigan {ang siyang inaasahan sa
mga oras ng kahirapan at pangangailangan})

اللَّهُ الصَّمَدُ

3

Lam yalid walam yoolad

(Siya ay hindi nagka-anak ni Siya ay ipinanganak)

لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ

4

Walam yakullahu kufuwan ahad

(ni mayroon sa Kanyang maipapantay)

وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ

Bismillaahir-rohmaanir-raheem

(Sa ngalan ni Allah ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

1 Qul a'oothu birabbil falaq

(Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng
bukang-liwayway).

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ

2 Min sharri maa khalaq

(mula sa kasamaan ng anumang Kanyang nilikha).

مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ

3 Wamin sharri ghasiqin ithaa waqab

(at mula sa kasamaan ng kadiliman (ng gabi)
kapag ito ay bumabalot).

وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ

4 Wamin sharrin-naffaathaati fil'uqad

(at mula sa kasamaan ng mga manggagaway
na umiihip sa mga buhol)

وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ

5 Wamin sharri haasidin ithaa hasad

(at mula sa kasamaan ng mga mainggitin kapag naiinggitin ito)

وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ

Bismillaahir-rohmaanir-raheem

(Sa ngalan ni Allah ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

1

Qul a'oothu birabbinnas

(Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng Sangkatauhan)

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ

2

Malikinnas

(Ang Hari ng Sangkatauhan)

مَلِكِ النَّاسِ

3

Ilaahinnas

(Ang Diyos ng Sangkatauhan)

إِلَهِ النَّاسِ

4

Min sharril waswaasil khanaas

(mula sa kasamaan ng tagapagbulong na lumalayo (kapag kanyang naaalala si Allah)

مِن شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ

5

Allathee yuwaswisu fee sudoorinnaas

(Na bumubulong sa dibdib ng sangkatauhan)

الَّذِي يُوسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ

6

Minal jinnati wannas

(Mula sa mga engkanto at tao)

مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ



aking**pagdarasal**

www.myprayer.org